GRADE V

# PROYEKTO: PAGPAPALAGANAP NG KRISTIYANISMO



## ALAMIN MO

Ang naging layunin ng Espanya sa pananakop ng Pilipinas ay pampulitika, pangkabuhayan at pangrelihiyon. Sa layuning pangrelihiyon nagtagumpay ang Espanya. Naging Kristiyano ang nakararaming Pilipino. Ang naging epekto ng Kristiyanismo sa buhay ng mga Pilipino maliban sa mga Muslim ay mahalaga at panghabambuhay.

Sa modyul na ito, inaasahang masasabi mo ang bahaging ginampanan ng simbahan sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Nakapaloob sa modyul na ito ang mga kaalaman at gawain para maintindihan mo ang aralin. Basahing mabuti ang mga teksto at sundin ang mga panuto. Sana'y matapos mo ang aralin nang buong kasiyahan.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Naaalala mo pa ba ang mga kaalaman tungkol sa pananampalataya ng mga unang Pilipino? Sagutin ang mga tanong sa tulong ng mga salitang nakapaloob sa mga kahon. Isulat ang mga sagot sa kwaderno.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | B | E | M | K | D | H | F | P | A |
| A | A | G | U | O | A | A | I | A | N |
| N | T | G | H | R | H | J | A | G | I |
| S | H | A | A | A | I | J | N | A | M |
| A | A | R | M | N | L | Z | I | A | I |
| L | L | R | M | E | I | I | T | Y | S |
| A | A | E | A | S | N | S | O | U | M |
| T | X | Q | D | T | E | L | M | N | O |
| N | E | R | A | L | L | A | H | O | E |
| Z | A | K | A | T | T | M | A | I | D |

Ano/Sino ang tinutukoy ng sumusunod?


1. banal na kasulatan ng Islam
2. banal na paglalakbay sa Mecca
3. tawag ng mga Tagalog sa Dakilang Lumikha
4. ikasampung bahagi ng kita ng isang Muslim na ibinibigay sa mga nangangailangan lalung-lalo na sa panahon ng Ramadan
5. salitang Arabe na ang kahulugan ay kapayapaan
6. paraan ng pagsisisi ng kasalanan ng mga Muslim
7. pananampalataya ng mga ninunong Pilipino sa Dakilang Lumikha ng daigdig, tao, pamayanan
8. panginoon ng mga Muslim
9. sugo ni Allah
10. pinapaniwalaan ng mga pagano na maaaring mabuti o masamang ispiritu

## PAG-ARALAN MO

Ipinakilala ng mga Espanyol ang pananampalatayang Kristiyanismo na naniniwala sa iisang Diyos na may likha ng tao at ng lahat ng bagay sa mundo. Si Hesus ay ang Diyos Anak at tagapagligtas ng sanlibutan. Ang pagkakaiba ng Kristiyanismo sa Paganismo/Animismo ay nasa paniniwala, aral, katawagan, at seremonya o ritwal.

Maraming sekta ang relihiyong Kristiyano. Ang Romano Katoliko ang dala ng mga Espanyol sa Pilipinas. Ang pinakamataas na pinuno ng Katoliko ay nasa Roma at siya ay tinatawag na *Pope* o Papa.

Simulan natin ang aralin sa pamamagitan ng *concept map* na ito.



Makikita mo sa *concept map* na nagsimula ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa pagdating ng ekspedisyon na pinamunuan ni Ferdinand Magellan noong 1521. Kasama niya si Padre Valderrama na nagsagawa ng unang misa sa Limasawa at bininyagan niya ang mga katutubo. Ito ay nasundan nang tumuloy sina Magellan sa Cebu. Pagkatapos ng misang naganap, nagpatayo ng krus si Magellan at sinundan ito ng pagbibinyag sa mga katutubo na pinamunuan ni Raha Humabon at ng kanyang asawa. Sila ay binigyan ng pangalang Carlos at Juana. Isang imahen ng Sto. Nino ang ibinigay kay Juana.

Ang ikalawang ekspedisyon ay pinamunuan ni Miguel Lopez de Legazpi at kasama niya si Padre Andres de Urdaneta. Nagtuloy sila sa Bohol at bininyagan ni Padre Andres ang mga katutubo na pinamunuan nina Raha Sikatuna at Raha Sigala. Tumuloy sina Legazpi sa Cebu at nang masakop nila ito ay itinatag ang kauna-unahang panirahan ng mga Espanyol sa Pilipinas.

Sa bawat lupain na sinakop ng mga Espanyol, nagtulungan ang mga pinuno ng pamahalaan at mga *prayle* o pari. Pinalaganap ng mga *prayle* ang relihiyong Romano Katoliko sa pamamagitan ng kanilang mabisang pananalita at makukulay na seremonya at ang mga pinuno ay nagpairal ng mga batas sa pamahalaan na umayon sa mga alituntunin ng relihiyon.


**Mga Orden ng Misyonero**

Ang mga pari ay kabilang sa iba-ibang orden ng misyonero sa Katolisismo sa buong mundo. Tingnan sa tsart ang mga orden, at kung kailan sila dumating sa Pilipinas at ang mga lugar na kanilang pinangasiwaan.

| Mga Ordeng Misyonero | Taon Dumating | Mga Lugar na Pinangasiwaan |
|---|---|---|
| 1. Agustino | 1565 | Cebu, Ilocos, Negros, Pampanga, Panay |
| 2. Franciscano | 1577 | Bicol, Catanduanes, Laguna, Masbate, Quezon |
| 3. Jesuita | 1581 | Antipolo, Bohol, Cainta, Cavite, Leyte, Samar |
| 4. Dominicano | 1587 | Bataan, Batanes, Cagayan, Manila, Pangasinan |
| 5. Recoleto | 1606 | Mindoro, Palawan, Zambales |

## Katungkulan ng mga Pari

Tunghayan mo ang *organizational chart* na nagpapakita ng katungkulan ng mga pari na nagsisimula sa Hari ng Espanya dahil siya ang nagbibigay ng recomendasyon sa *Papa* (Pope) na nasa Roma. Ang Roma ang pinakasentro ng relihiyong Romano Katoliko sa buong mundo. Ang nakasulat sa malalaking titik ang tawag sa tanggapan at ang nakalagay sa loob ng panaklong ( ) ang tawag sa pinuno.



Kaugnayan ng mga Pari sa Pamahalaan

Suriin mo ang tsart na nagpapakita ng kaugnayan ng mga pari sa pamamalakad ng pamahalaan.

| Katungkulan | Kaugnayan sa Pamahalaan | Tungkulin |
|---|---|---|
| 1. Arsobispo | Tumatanggap ng sahod mula sa pamahalaan | • Tagapayo ng Gobernador-Heneral<br>• Maaaring gumanap na pansamantalang Gobernador-Heneral |
| 2. Obispo | Tumatanggap ng sahod mula sa pamahalaan | • Nangangasiwa ng diyosesis |
| 3. Cura Paroco | Tumatanggap ng sahod mula sa pamahalaan | • Pagtatala ng lahat ng binyag<br>• Pagtatala ng lahat ng kasal<br>• Pagtatala ng lahat ng namamatay na tao<br>• Nangagasiwa sa eleksyon<br>• Nangangasiwa sa edukasyon ng mga mamamayan<br>• Namamahala sa pagpapatayo ng simbahan<br>• Namamahala sa pagpapatayo ng paaralan<br>• Nagsusuri sa mga babasahin at dulang ipinalalabas<br>• Nagsasaayos sa mga bagay na itinuturing na di kanais-nais o labag sa aral ng simbahan at patakaran ng pamahalaan<br>• Nagpapasya kung sino ang ititiwalag sa simbahan |

**Paano pinalaganap ng pamahalaan ang Katolisismo?**

Ang mga batas sa pamahalaan ay umayon sa mga alituntunin ng relihiyong Romano Katoliko  tulad ng sumusunod:

| Batas | Mga Dapat Tandaan |
|---|---|
| 1. Pagpapabinyag sa simbahan | • Ito ay pormal na pagtanggap bilang kasapi ng simbahan<br>• Dapat may unang pangalan na hango sa mga Santo o may kinalaman sa relihiyon tulad ng Maria, Lucas<br>• Dapat may huling pangalan o apelyido tulad ng Cruz, Lamadrid, Santos, Torres |
| 2. Pagpapakasal sa simbahan | • Ang kasal ay sakramentong panghabambuhay<br>• Pinagbabawal ang paghihiwalay ng mag-asawa |
| 3. Pagtutol sa pag-aalsang panrelihiyon | • Pinaparusahan ang sino mang magbalik sa sa katutubong pananampalataya<br>• Pinaparusahan ang sinumang magtatag ng samahang panrelihiyon na hindi sang-ayon sa relihiyong Katoliko |
| 4. Pagbibigay ng pangalan sa bawat bayan at baryo | • Ang pangalan ng lugar ay parangal sa isang Santo tulad ng San Esteban, Santa Catalina<br>• Ang kapistahan ng Patrong Santo |
| 5. Pagtuturo sa mga paaralan sa parokya | • Ang pinakamahalagang asignatura ay ang pag-aaral ng relihiyon, mga dasal at kautusan ng simbahang Katoliko. |



**PAGSANAYAN MO**

A. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat mo sa iyong kwadernong sagutan ang iyong sagot.

1. Ano ang bahaging ginampanan ng simbahan sa pagpapalaganap ng relihiyong Romano Katoliko?

2. Ano ang bahaging ginampanan ng simbahan sa pamamahala ng bansa?



B. Basahin ang mga tanong at isulat sa kwaderno ang iyong sagot.


1. Paano nagtulungan ang mga Espanyol sa pagpapalaganap ng Relihiyong Romano Katoliko sa Pilipinas?

2. Sinong Espanyol na namuno sa isang ekspedisyon ang pinakamaraming nasakop na lugar sa Pilipinas?

3. Aling orden ng misyonero ang unang dumating sa Pilipinas ?

4. Sino ang pinakamakapangyarihan sa mga prayle? Bakit?

5. Paano nagiging kasapi ng simbahan ang isang katutubo?




**TANDAAN MO**

- *Ang ekspedisyon na pinamunuan ni Magellan ang nagsimula sa pagtatatag ng relihiyong Romano Katoliko sa Pilipinas.*

- *Ang ekspedisyon na pinamunuan ni Legazpi ang nagtatag ng unang pamahalaan ng mga Espanyol.*

- *Ang mga orden ng misyonero ang nagtatag ng relihiyong Romano Katoliko sa Pilipinas.*

- *Malaki ang bahaging ginampanan ng simbahan sa pamamahala ng mga Espanyol sa Pilipinas.*



**ISAPUSO MO**

Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ng mga Espanyol sa pagpapalaganap ng Romano Katoliko sa Pilipinas? Bakit? Isulat ang paliwanag sa iyong kwaderno.





## GAWIN MO

Basahing muli ang mga katungkulan ng Cura Paroco. Alin sa mga katungkulan niya ang hindi mo sinasang-ayunan? Bakit? Isulat ang paliwanag sa kwaderno.



## PAGTATAYA

Basahin ang pahayag at isulat sa kwaderno ang titik ng tamang sagot.

1. Ang nagtagumpay sa mga layunin ng mga Espanyol sa pagsakop ng Pilipinas ay ang ___________.
   A. pampilitika
   B. pangkabuhayan
   C. pangrelihiyon
   D. pang-edukasyon

2. Ang nanguna sa pagpapalaganap ng relihiyong Romano Katoliko sa Pilipinas ay mga _____.
   A. pinunong Espanyol
   B. sundalong Espanyol
   C. misyonerong Espanyol
   D. katutubong bininyagan

3. Ang mga Kura Paroko ay humawak ng tungkuling pampamahalaan dahil __________.
   A. Ipinagutos ito ng Santo Papa
   B. nagbuklod ang simbahan at pamahalaan
   C. nasa ilalim ng kapangyarihan ng simbahan ang pamahalaan
   D. nakatataas sa tungkulin ang mga kinatawan ng hari ng Espanya

4. Sa ilalim ng kapangyarihang panghukuman, ang prayle ay may kapangyarihang _____.
   A. magpasya kung sin ang ititiwalag sa simbahan
   B. mamahala sa halalang lokal at gawing pambayan
   C. magtala ng bilang ng mga ipinanganganak at inililibing
   D. mangasiwa sa sakramento tulad ng binyag, kumpil at kasal




5. Ang sumusunod ay tungkulin ng Kura Paroko maliban sa _____________.
   A. nangangasiwa sa eleksyon
   B. namamahala sa pagpapatayo ng simbahan
   C. gumaganap na pansamantalang Gobernador-Heneral
   D. pagtatala ng lahat ng binyag, kasal at namatay a tao

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Ano ang iyong relihiyon? Anu-ano ang seremonya o pagdiriwang na ginagawa sa inyong simbahan? Ano ang layunin ng mga ito? Ihayag sa pamamagitan ng tsart tulad nito. Ilagay sa kwaderno.

Relihiyon_________________

| Seremonya o Pagdiriwang | Kailan Ginaganap | Layunin |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.